








Mga Batang Sera

Children of wax

-  Southern African Folktale
-  Wiehan de Jager
-  Arlene Avila
-  Tagalog / English
-  Level 2





Noong unang panahon, may isang masayang mag-anak.

...

Once upon a time, there lived a happy family.



Pawang mga lalaki ang mga anak at hindi sila kailanman nag-aaway. Tinutulungan nila ang kanilang magulang sa bukid at sa gawaing-bahay.

...

They never fought with each other. They helped their parents at home and in the fields.



Malaya nilang nagagawa ang anuman,
maliban sa isang bagay. Hindi sila maaaring
lumapit sa apoy.

...

But they were not allowed to go near a fire.



Sa gabi lamang sila nagtatrabaho dahil sila ay mga sera!

...

They had to do all their work during the night. Because they were made of wax!



Ngunit pinangarap ng isa na makita ang araw.

...

But one of the boys longed to go out in the sunlight.



Isang umaga, hindi niya nalabanan ang matinding pag-aasam. Pinigilan siya ng kanyang mga kapatid...

...

One day the longing was too strong. His brothers warned him...

Subalit huli na ang lahat! Siya ay nalusaw na ng mainit na araw.

...

But it was too late! He melted in the hot sun.





Labis na nalungkot ang mga batang sera sa nakitang dinanas ng kapatid.

...

The wax children were so sad to see their brother melting away.



Kaya gumawa sila ng paraan upang matupad ang kanyang pangarap. Sama sama nilang hinubog ang serang labi ng kapatid at ginawa itong ibon.

...

But they made a plan. They shaped the lump of melted wax into a bird.



Dinala nila ang ibon sa tuktok ng bundok.

...

They took their bird brother up to a high mountain.



At sabay ng pagsikat ng araw, lumipad ang ibon tungo sa liwanag ng araw, na may awit na taglay.

...

And as the sun rose, he flew away singing into the morning light.



香港故事書

global-asp.github.io/storybooks-hongkong

Mga Batang Sera

Children of wax

Written by: Southern African Folktale

Illustrated by: Wiehan de Jager

Translated by: Arlene Avila (tl)

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by [香港故事書](#) in an effort to provide children's stories in 香港's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 3.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0/).